

# PANSUPORTANG PABAHAY
SA VANCOUVER

Abril 2023

BC HOUSING

## Mga bagong kumportable at ligtas na bahay na may suporta sa
## Renfrew Street sa East 14th Avenue

**Ang BC Housing at ang Lungsod ng Vancouver ay nagsasagawa ng sama-samang pagkilos upang tugunan ang agarang pangangailangan para sa pansuportang pabahay sa Vancouver.**

Nakakaranas ng krisis sa pabahay ang Vancouver at mahigit sa 2,000 tao sa buong lungsod ang nakakaranas ng kawalan ng tirahan. Patuloy na itinuturing na pangunahing prayoridad ng BC Housing at ng Lungsod ng Vancouver ang paggawa ng mga kumportable at ligtas na bahay na may suporta.

Ang BC Housing, Lu'ma Native Housing Society at ang Lungsod ng Vancouver ay nagmumungkahi na magtayo ng bagong 12 palapag na gusali na may 76 na pansuportang bahay sa 2930 Renfrew Street. Pinapalitan ng panukalang ito ang isang mas naunang bersyon para magtayo ng anim na palapag na gusali na may 50 pansuportang bahay na ibinahagi sa komunidad noong Hunyo 2021.

Tutugunan ng mga bahay na ito ang agarang pangangailangan para sa pansuportang pabahay at pipigil sa mga tao na makaranas ng kawalan ng tirahan.

- Ang lahat ng unit ay gagawing mga studio apartment na may sariling banyo at kusina.
- Ganap na magiging accessible ang hindi bababa sa 5% ng mga bahay.
- Ang gusali ay magkakaroon ng espasyo para sa mga Katutubong kasanayan sa kultura pati na rin mga amenidad tulad ng pinaghahatiang espasyo para sa paglalaba, komersyal na kusina, kainan, at programa.






**Nakakatulong ang mga bahay na may suporta sa pagbuo ng ligtas at inklusibong komunidad para sa lahat.**

Kapag may mga pansuportang bahay sa isang komunidad, nangangahulugan ito na mas kaunting tao sa labas ang nagsisikap na mabuhay. Kapag pinili ng isang tao na tumira sa pansuportang pabahay, magagawa na niyang:

- magkaroon ng kumportable at ligtas na lugar na matatawag niyang bahay
- magkaroon ng daan sa mga pangangailangan sa pamumuhay gaya ng pagkain, banyo, at labahan
- makapagsimulang maghilom sa pinsalang dulot ng pamumuhay sa lansangan
- mapagtibay ang mga koneksyon sa komunidad


Bisitahin ang **letstalkhousingbc.ca/vancouver-renfrew** para sa higit pang impormasyon



# Pansuportang Pabahay: Isang mahalagang koneksyon sa mga programa at mga serbisyo

Ang lahat ng mga programa ng pansuportang pabahay ay pinapangasiwaan ng mga non-profit na operator sa pabahay na nagbibigay ng karanasan sa propesyonal na pamamahala ng gusali at kadalubhasaan na nagbibigay ng iniangkop na suporta na ginawa upang matugunan ang mga natatanging pangangailangan ng bawat residente.

Pinili ng lahat ng residente sa pansuportang pabahay na tumira roon, magbayad ng renta, at nagagawa nilang makuha ang mga suportang ibinibigay ng mga non-profit na operator sa pabahay, mga propesyonal sa pangangalagang pangkalusugan at iba pang programang nakabatay sa komunidad.




**Para sa karagdagang kaalaman tungkol sa Mga Benepisyo ng Pansuportang Pabahay sa Komunidad, bumisita sa: www.bchousing.org/research-centre/library/community-acceptance-series-and-toolkits/community-benefits-supportive**

Lu'ma Native Housing Society

Kapag naaprubahan, ang gusaling ito ay pamamahalaan ng Native Housing Society, isang kilalang non-profit na tagapagbigay ng pabahay na nagmamay-ari at namamahala ng mahigit 550 abot-kayang bahay sa Vancouver.

Bisitahin ang **letstalkhousingbc.ca/vancouver-renfrew** para sa higit pang impormasyon

## Kailangan ang pagtutulungan ng buong komunidad upang malutas ang problema sa kawalan ng tirahan

Ang kawalan ng tirahan ay isang kumplikadong hamon na kailangang lutasin ng mga pamahalaan, mga grupo sa komunidad, at mga taong nagtutulungan.

Dahil sa pagkilala sa agarang pangangailangan sa pabahay, ang Probinsya, sa pamamagitan ng BC Housing, ang Lungsod ng Vancouver at ang pederal na pamahalaan ay lumagda sa Memorandum of Understanding na kumukumpirma sa kanilang pagtutulungan at iisang paninindigan upang gumawa ng mahigit 300 bahay para pigilan ang mga taong makaranas ng kawalan ng tirahan.







## Pagbibigay ng mas maraming bahay para sa mga taong nangangailangan

Kapag nagtatayo ng pansuportang pabahay sa lupang pag-aari ng Lungsod, ang BC Housing at ang Lungsod ng Vancouver ay may responsibilidad na magtayo ng pinakamaraming bahay hangga't maaari upang matugunan ang kritikal na pangangailangan para sa pabahay sa Vancouver.

Para sa kadahilanang ito, ang orihinal na panukala para sa 2930 Renfrew ay na-update mula sa isang anim na palapag na gusali na may 50 bahay sa isang 12 palapag na gusali na may 75 bahay. Ang pagbabago ay umaayon sa direksyon sa Vancouver Plan na isaalang-alang ang mga mid-rise na gusali (7 hanggang 12 palapag), lalo na para sa panlipunan at pansuportang pabahay, malapit sa mga istasyon ng mabibilis na tren.



# Pagsulong sa 2930 Renfrew Street

Nakatuon ang BC Housing at ang Lungsod sa pagsulong sa pamamagitan ng panukala sa pabahay at aplikasyon para sa muling pagsona upang mapaunlad ang partikular na lugar na ito. Inaanyayahan namin ang feedback ng komunidad sa mga aspeto ng panukala, kabilang ang:

- Disenyo ng lugar at disenyo ng gusali, at mga elemento gaya ng mga pailaw at landscaping
- Interes sa paglahok sa Komite sa Pagpapayo ng Komunidad

Nag-aalok ang Komite sa Pagpapayo ng Komunidad ng oportunidad para sa pagtutulungan upang mapabilis ang pagbabahagi ng impormasyon at talakayan, at upang makabuo at makapagpanatili ng positibong ugnayan sa komunidad, sa mga operator ng gusali, at mga kasosyo sa programa. Mangyaring mag-email sa Tagapag-ugnay ng Komunidad sa **communityliaison@bchousing.org** kung interesado kang makatanggap ng karagdagang impormasyon sa pag-a-apply para sa Komite sa Pagpapayo ng Komunidad.

Tulad ng anupamang pagpapaunlad sa Vancouver, hindi ginagamit na batayan ang impormasyon tungkol sa mga maninirahan sa gusali sa hinaharap tulad ng kanilang lahi, kasarian, antas ng kita, mga pribadong pangangailangan sa pangangalagang pangkalusugan, o sekswal na oryentasyon sa pagpapasya ng Konseho ng Lungsod kaugnay ng pag-apruba sa paggamit sa isang lugar.

# Mga oportunidad para sa opinyon ng komunidad

Makakapagbigay ang komunidad ng feedback tungkol sa mungkahing pabahay na ito sa pamamagitan ng pagbisita sa **letstalkhousingbc.ca/vancouver-renfrew.** Ang Tagapag-ugnay ng Komunidad ay maaabot rin sa **communityliaison@bchousing.org** o sa pamamagitan ng pagtawag sa 604-829-9321 Lunes hanggang Biyernes sa pagitan ng 9 am at 4 pm.

Ang feedback na nakolekta sa panahon ng maagang pakikipag-ugnayan na ito ay isasaalang-alang sa pagbuo ng isang aplikasyon sa muling pagsona. Sa sandaling bumuo at magsumite ang BC Housing ng aplikasyon sa muling pagsona, mamumuno ang Lungsod ng Vancouver sa isa pang yugto ng pakikipag-ugnayan sa komunidad.




*Ang mga petsa sa timeline ay tinataya at maaaring magbago.*

## Pagpopondo



Naninindigan ang pamahalaan ng B.C., ang Lungsod ng Vancouver at ang CMHC sa pagpopondo tungo sa pagsusulong ng mga permanente at pansuportang unit ng pabahay para sa mga taong nangangailangan sa Vancouver. Sa pamamagitan ng pagpopondo na ito, magagawa ng Probinsya at ng Lungsod ng Vancouver na matugunan ang mga kritikal at agarang pangangailangan ng mga taong nakararanas ng kawalan ng tirahan sa Vancouver.

Canada CMHC SCHL BRITISH COLUMBIA CITY OF VANCOUVER

Translated materials available at letstalkhousingbc.ca/vancouver-renfrew
Ang mga naisaling materyales ay mahahanap sa letstalkhousingbc.ca/vancouver-renfrew
Tài liệu dịch thuật có tại letstalkhousingbc.ca/vancouver-renfrew
翻譯 版本 材料 可 在 letstalkhousingbc.ca/vancouver-renfrew 找到

Para sa impormasyon tungkol sa kung paano mag-apply para sa pagtira sa isang gusali ng pansuportang pabahay, makipag-ugnayan sa **Orange Hall SA 604-648-4270**, o pumunta nang personal Lunes at Huwebes sa pagitan ng 10 am aT 4 pm SA **297 East Hastings Street**, Vancouver.

BC HOUSING

© April 2023 BC Housing